

Mahalagang Impormasyon tungkol sa Iyong Medicare Advantage Plan at Cal MediConnect

Natatanggap mo ang liham na ito dahil kwalipikado ka para sa programang Cal MediConnect at ikaw ay nasa isang Medicare Advantage Plan ngayon. Gusto naming ipaalam sa iyo kung paano magbabago ang kasalukuyan mong Medicare at Medi-Cal.

- Matatanggap mo pa rin ang iyong mga benepisyo sa Medicare at Medi-Cal.
- Walang puwang sa iyong coverage.
- Magkakaroon ka ng mga bagong pagpipilian para sa iyong Medicare at Medi-Cal na coverage.

Kasama ng liham na ito, at ibang mga mail na matatanggap mo tungkol sa Cal MediConnect, magkakaroon ka ng mga pagpipilian kung paano mo makukuha ang pag-aalaga ng kalusugan mo. Maingat na pakibasa ang impormasyong matatanggap mo. Tawagan kami sa mga numero sa susunod na pahina kung may mga tanong ka at makakatulong kami.

Paano kung wala akong gawin?

Kapag wala kang ginawa, ie-enroll ka sa isang planong Cal MediConnect na inaalok ng parehong kompanya na kasalukuyan mong planong Medicare.

Ano ang mga ibang pagpipilian ko?

Mayroon kang dalawang ibang pagpipilian kung paano matanggap ang iyong mga benepisyong Medicare at Medi-Cal.

Opsyon A: Mag-enroll sa isang planong Cal MediConnect. Bibigyan ka ng bagong plano ng mga benepisyo mo sa Medicare at Medi-Cal. Awtomatiko kang ie-enroll sa isang planong Cal MediConnect na inalok ng parehong kompanya bilang kasalukuyan mong planong Medicare o maaari kang pumili ng ibang planong Cal MediConnect. Dapat kang magtanong sa plano o sa California Health Insurance Counseling and Advocacy Program para makita kung ang mga tagapaglaan mo ay nasa network pa rin ng plano, o kung kakailanganin mong magpalit ng mga tagapaglaan.

Opsyon B: Mag-enroll sa isang planong Medi-Cal. Kapag ito ang pinili mo, matatanggap mo ang mga benepisyo mo sa Medicare sa pamamagitan ng regular na Medicare at hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan.

- Matatanggap mo ang mga benepisyo mo sa Medicare sa pamamagitan ng regular na Medicare at hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan. Dapat ka ring mag-enroll sa isang plano ng de-resetang gamot ng Medicare; kapag hindi, ie-enroll ka ng Medicare sa isa.
- Matatanggap mo ang mga benepisyong Medi-Cal mula sa hiwalay na planong Medi-Cal. Kabilang dito ang In-Home Supportive Services (IHSS), Multipurpose Senior Services Program (MSSP), Community-Based Adult Services (CBAS), at pag-aalaga sa pasilidad ng nursing kung kwalipikado ka para sa mga serbisyong ito.

(sa likod)

Sa kabilang liham na natanggap mo kasama ng insert na ito, ang Opsyon B na ito ay naka-label na: **“Panatiliin ang aking Medicare kung paano ito ngayon AT mag-enroll sa isang planong Medi-Cal.”** Dahil ikaw ay nasa isang Medicare Advantage Plan, hindi mo mapapanatili ang iyong Medicare kung paano ito ngayon kapag pinili mo ang Opsyon B.

Kasama sa insert na ito ang isang liham na may mas maraming impormasyon tungkol sa Cal MediConnect at mga pinili mo.

Paano ako makakakuha ng mas marami pang impormasyon?

Kung gusto mong:	Kontakin:
Makipag-usap nang libre sa tagapagpayo sa pangkalusugang insurance tungkol sa mga pagbabagong ito at sa mga napili mo	California Health Insurance Counseling & Advocacy Program (HICAP) sa 1-800-434-0222 o TTY 711
Pumili ng ibang planong Cal MediConnect Panatiliing hiwalay ang iyong Medicare at pumili ng planong Medi-Cal Matanggap ang liham na ito sa ibang wika, malaking print, audio, o Braille	Health Care Options Customer Service Lunes–Biyernes, 8:00 a.m.–5:00 p.m. sa 1-844-580-7272, o TTY: 1-800-430-7077
Tanging kapag pinili mo ang Opsyon B ka: Makakapili ng ibang planong Medicare Pumili ng plano ng de-resetang gamot ng Medicare	1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)